## MGA PATAKARAN NG PASAHOD SA BAY AREA***

- **Mga pangkalahatang Patakaran sa Obertym**
  - Tatanggap ang manggagawa ng 1.5 x sa regular na bayad
    - pagkatapos ng 8 oras sa isang araw
    - pagkatapos ng 40 oras sa isang linggo
    - at ang unang 8 oras sa ikapitong magkasunod na araw sa pagtrabaho
  - Tatanggap ang manggagawa ng 2.0 x sa regular na bayad
    - pagkatapos ng 12 oras sa isang araw
    - pagkatapos ng 8 oras sa ikapitong magkasunod na araw sa pagtrabaho
- **Personal Attendant sa Pribadong Bahay (Nag-aalaga ng bata, may kapansanan o matanda)***
  - Tatanggap ng 1.5 x regular na bayad **
    - pagkatapos ng 9 oras sa isang araw
    - pagkatapos ng 45 oras sa isang linggo
- **Oras ng Pagkain – hindi binabayaran**
  - Ang mga manggagawa ay dapat bigyan ng 30 minuto para makakain sa bawat 5 oras na pagtrabaho
    - Kung nagtatrabaho ng 6 na oras lamang sa kabuuang araw, pwedeng ipaubaya na lang ang oras ng pagkain sa pamamagitan ng mutual na pahintulot ng amo at empleyado.
  - Ang mga manggagawa ay dapat bigyan ng pangalawang 30 minuto para makakain pagkatapos ng 10 na oras na pagtrabaho
    - Kung ang trabaho ay hindi aabot ng 12 oras, pwedeng ipaubaya na lang ang oras ng pagkain sa pamamagitan ng mutual na pahintulot ng amo at empleyado hanggat ang unang oras ng pagkain ay nakuha
- **Oras ng Pahinga – may bayad**
  - Ang mga manggagawa ay dapat bigyan ng 10 minutong pahinga sa bawat 4 na oras na pagtrabaho
  - Walang oras ng pahinga kung ang trabaho ay 3.5 na oras lamang o mas mababa pa nito.
- **Pagkain at Tuluyan**
  - Pwedeng magbawas lamang ang amo sa sahod ng manggagawa para sa gastos ng pagkain at tuluyan kung may nakasulat na kasunduan sa pagitan ng amo at empleyado
- **Tips – kailangan tatangap ng minumum na sahod karagdag ng tips**
- **Hindi nabigyan ng oras para sa pagkain at pahinga**
  - makatanggap ang manggagawa ng 1 oras na bayad sa bawat hindi nabigay na oras ng pagkain o pahingga para sa total na 2 kada araw

** Hindi ka isang personal attendant kung nagsasagawa ka ng pangkalahatang gawaing bahay tulad ng pagluluto, paglilinis at pagtanggap ng utos para sa humigit 20% sa kabuuang oras ng pagtrabaho. Kung ganito, ang pangkalahatang patakaran sa obertym ang mag-aplay.*
*** Kung nagtatrabaho ka sa isang pasilidad pang negosyo, kahit na ito ay isang pribadong bahay, ang pangkalahatang patakaran ng obertym ang mag-aplay.*

****NASA IYO ANG LAHAT NG KARAPATAN ANUMAN ANG STATUS MO SA IMIGRASYON*

**Kung naniwala ka na hindi ka tumanggap ng tamang bayad, maaring tawagan ang**


**Katharine & George Alexander Community Law Center**
1030 The Alameda, San Jose, CA 95126
408-288-7030


# Pagliban at Pasahod na mga Benepisyo ng mga Manggagawa, COVID 19 at Higit Pa

Kung hindi ka makapag-trabaho (halimbawa, dahil sa COVID 19), ipaalam kaagad sa iyong tagapag-empleyo. Maaari kang maging kwalipikadong tumanggap ng ilang partikular na benepisyo, kasama na ang may bayad na pagliban dahil sa sakit.

Ang mga karapatan at proteksyon na inilarawan sa tsart sa ibaba ay dapat ibigay sa mga manggagawa na naapektuhan ng COVID-19, anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon.

| | Ano ito | Ano ang naibibigay nito | Ano ang magagawa mo |
|---|---|---|---|
| **May Bayad na Pagliban Dahil sa Sakit (Paid Sick Leave, PSL)** | PSL sa California<br>• Magsisimula kang makaipon kapag nagsimula kang magtrabaho at maaaring simulan itong gamitin pagkalipas ng 90 araw<br>• Para sa karamdaman, medikal o pangangalagang pang-iwas sakit | • PSL na protektado ang trabaho na naiipon sa antas na isang oras para sa bawat 30 oras na pagtrabaho<br>• Maaaring limitahan ng tagapag-empleyo ang paggamit sa tatlong araw o 24 na oras bawat taon<br>• Magagamit din upang pangalagaan ang mga kapamilya<br>• Ang mga lokal na batas ay maaaring mangailangan ng karagdagang may bayad na oras dahil sa sakit | Sabihin sa iyong tagapag-empleyo na kailangan mong gamitin ang iyong PSL. Kung hindi nagbibigay ang iyong tagapag-empleyo ng PSL, maaari kang maghain ng paghahabol sa sahod sa Opisina ng Komisyonado ng Paggawa. May higit pang impormasyon sa **dir.ca.gov/covid/if-you-were-not-paid.html** |
| **Karagdagang May Bayad na Pagliban Dahil sa Sakit (Supplemental Paid Sick Leave, SPSL)** | 2021, 2022 COVID-19 (SPSL)<br>• Hindi makapagtrabaho dahil sa COVID-19<br>• Pangangalaga para sa isang kapamilya na hindi makapagtrabaho o makapag-telework dahil sa COVID-19<br>• Para magpabakuna o magpagaling mula sa bakuna<br>• Lahat ng empleyado ng mga negosyong may 26 o higit pang empleyado<br>• Pangangalaga para sa bata na isinara ang paaralan o pangalagaan ng bata dahil sa COVID-19 | • Hanggang 80 oras na pagliban bilang karagdagan sa PSL<br>• Para sa mga full-time o part-time na manggagawa<br>• Magagamit mula 1/1/21 hanggang 9/30/21, at mula 1/1/22 hanggang 9/30/22 | Sabihin sa iyong tagapag-empleyo na kailangan mong gumamit ng SPSL o humiling ng kabayaran para sa ginawa mong pagliban dahil sa COVID-19 mula 1/1/21 hanggang 9/30/21, at mula 1/1/22 hanggang 9/30/22. Kung hindi nagbibigay ang iyong tagapag-empleyo ng SPSL, maaari kang maghain ng paghahabol sa sahod sa **dir.ca.gov/dlse/HowToFileWageClaim.htm** |
| **Mga Kabayaran sa Panandaliang Kapansanan (Short-term Disability Payments, SDI)** | Seguro sa Kapansanan ng Estado (State Disability Insurance, SDI)<br>• Hindi makapagtrabaho o nagtatrabaho nang mas kaunti dahil sa kapansanan<br>• Ibinayad sa SDI sa panahon ng base period | • Hanggang 60 o 70 porsyento ng lingguhang sahod, depende sa kita, para sa pinakamataas na 52 linggo (walang panahon ng paghihintay para sa COVID-19 na diagnosis) | Mag-aplay sa **edd.ca.gov/Disability/Disability_Insurance.htm** |
| Kung maaari kang nahawaan ng COVID-19 sa trabaho at kailangan mo ng medikal na paggamot o nawalan ng sahod dahil sa iyong pinsala o karamdaman, maaari kang maging kwalipikado para sa kabayaran sa mga manggagawa. Matuto nang higit pa sa **dir.ca.gov/covid/if-you-get-sick-at-work.html.** | | | |
| **May Bayad na Pagliban dahil sa Pamilya (Paid family Leave, PFL)** | May Bayad na Pagliban dahil sa Pamilya (Paid Family Leave, PFL)<br>• Pangangalaga sa kapamilya na may malubhang karamdaman<br>• Ibinayad sa SDI sa panahon ng base period | • Hanggang 60 o 70 porsyento ng lingguhang sahod, depende sa kita, sa pinakamataas na walong linggo (maaaring makuha nang pana-panahon) | Mag-aplay sa **edd.ca.gov/Disability/Paid_Family_Leave.htm** |
| **Pagliban na Protektado ang Trabaho (CFRA)** | CA Family Rights Act (CFRA)<br>• Mahigit sa isang taon na serbisyo<br>• Mahigit sa 1,250 na oras ng trabaho sa nakaraang taon<br>• Mahigit sa limang empleyado | • 12 linggong pagliban na protektado ang trabaho kung malubha ang sakit o nag-aalaga ng kapamilya na may malubhang sakit (maaaring makuha nang pana-panahon).<br>• Pagpapatuloy ng mga benepisyo sa kalusugan. | Humiling sa iyong tagapag-empleyo o pumunta sa **www.dfeh.ca.gov/family-medical-pregnancy-leave/** |
| TANDAAN: Ang mga manggagawa na nangangailangan ng karagdagang pagliban para sa sarili nilang karamdaman ay maaaring kwalipikado para sa pagliban bilang kaluwagan para sa kapansanan sa ilalim ng Batas sa Makatarungan na Trabaho at Pabahay. Bisitahin ang **www.dfeh.ca.gov/accommodation/** para matuto nang higit pa. | | | |

**Isang halimbawa ng paggamit sa pagliban:**
Nahawaan si Ed ng COVID-19 ng isang kapamilya, at sinabihan siya ng kanyang doktor na magpasubok at mag-quarantine. Positibo ang pagsubok ni Ed at mayroon siyang pangmatagalang mga sintomas.

**Hakbang 1: Gamitin ang SPSL at PSL**
Sinabi ni Ed sa kanyang tagapag-empleyo na ginagamit niya ang kanyang may bayad na pagliban dahil sa sakit at ang inaasahang petsa ng kanyang pagbabalik.

**Hakbang 2: Humiling ng CFRA mula sa tagapag-empleyo at mag-aplay para sa SDI mula sa EDD**
Pagkatapos maubos ang kanyang SPSL at PSL, humiling si Ed sa kanyang tapag-empleyo ng mas maraming time off sa ilalim ng CFRA para protekatahan ang kanyang trabaho at naghain ng SDI sa pamamagitan ng EDD para sa kita.

**Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang saferatwork.ca.gov**

May tanong? Tawagan ang Advice Line ng Santa Clara County Office of Labor Standards Enforcement (OLSE) 866-870-7725, para sa Tagalog, pindutin ang 4

# Mga Protesyon ng Manggagawa Laban sa Ganti, Habang, Bago pa man, at Pagkatapos ng COVID 19 Pandemya

**Protektado ka ng batas. Makakatulong ang Opisina ng Komisyonado ng Paggawa.**

## Ano ang paghihiganti?

Kung natanggal ka sa trabaho, o nabawasan ang iyong sahod o oras ng trabaho dahil sa paggamit sa iyong mga karapatan sa trabaho sa ilalim ng mga batas ng California, iyan ang paghihiganti, at ito ay labag sa batas. Labag sa batas din para sa iyong tagapag-empleyo na magbanta na isumbong ka sa mga awtoridad sa imigrasyon dahil sa pagsunod sa mga batas ng California. Ang lahat ng manggagawa sa California ay protektado ng mga batas sa trabaho, kabilang ang mga proteksyon sa paghihiganti, anuman ang katayuan sa imigrasyon. Patuloy ang mga ito na magiging iyong mga karapatan at mga proteksyon sa panahon ng COVID-19 na pandemya.

Ang mga aktibidad na protektado mula sa paghihiganti sa ilalim ng batas ng California ay kinabibilangan ng:

- Pagsasalita tungkol sa hindi ligtas na mga kondisyon o mga hindi nabayarang sahod
- Pagtatangging magtrabaho sa mga hindi ligtas na kundisyon
- Pag-uulat ng hindi ligtas na lugar sa trabaho o paglabag sa paggawa
- Paghahain ng paghahabol sa sahod para sa mga hindi nabayarang sahod
- Pagtutulong sa isang imbestigasyon sa iyong tagapag-empleyo

### Paano kung ang aking tagapag-empleyo ay binabawasan ang aking oras, tinatanggal ako sa trabaho o nagbabantang tawagan ang imigrasyon?

Kung pinarusahan ka nga ng isang tagapag-empleyo, maaaring kailanganin nilang ibalik ka sa trabaho, bayaran ang iyong mga nawawalang sahod at/o magbayad ng mga multa.

### Paano maghain ng reklamo sa paghihiganti:

Ang Opisina ng Komisyonado ng Paggawa ay hindi magtatanong tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon o iulat ang iyong katayuan sa imigrasyon sa ibang mga ahensya ng gobyerno.

- Online sa **dir.ca.gov/dlse/dlseRetaliation.html**
- Sa personal sa anumang lokasyon ng Opisina ng Komisyonado ng Paggawa. Maghanap ng isang lokasyon sa **dir.ca.gov/dlse/districtoffices.htm**
- Sa pamamagitan ng telepono sa **833-526-4636**
- Sa pamamagitan ng email sa **retaliation@dir.ca.gov**

**Mga pinakamahusay na kasanayan para maprotektahan ang iyong sarili mula sa paghihiganti:**

**Magdokumento**
- Mga pagbabago sa mga kondisyon sa trabaho
- Mga detalye ng anumang mga pagbabanta
- Mga komunikasyon sa pagitan mo at ng iyong tagapag-empleyo

**Kilalanin**
- Mga saksi na nakarinig o nakakita

**Maghain**
- Sa loob ng isang taon mula sa gawaing paghihiganti
- Isumite ang mga dokumento o impormasyon sa Opisina ng Komisyonado ng Paggawa
- Tumawag o mag-email kung kailangan mo ng anumang tulong, atbp.

May tanong? Tawagan ang Advice Line ng Santa Clara County Office of Labor Standards Enforcement (OLSE) 866-870-7725, para sa Tagalog, pindutin ang 4.

SAFER AT WORK CALIFORNIA ALL saferatwork.ca.gov

# Mga Kompensasyong Benepisyo ng mga Manggagawa

Ang mga benepisyo sa kabayaran sa mga manggagawa ay idinisenyo upang bayaran ang medikal na paggamot na kailangan mo upang gumaling mula sa pinsala o karamdaman na nauugnay sa trabaho, tulad ng pagkakaroon ng COVID-19 sa trabaho. Bahagyang pinapalitan ng mga ito ang mga sahod na mawala sa iyo habang nagpapagaling ka, at tinutulungan kang makabalik sa trabaho. Ang mga benepisyong ito ay magagamit ng mga manggagawa anuman ang katayuan nila sa imigrasyon.

Kung ikaw ay nasugatan o nagkasakit (halimbawa, nagka-COVID 19) sa trabaho, dapat kaagad mong **abisuhan ang iyong tagapag-empleyo at maghain ng paghahabol** para sa mga benepisyo sa kabayaran sa mga manggagawa.

**Kung isang emerhensiya ang iyong karamdaman, tumawag sa 911** o pumunta kaagad sa isang emergency room. Sabihin mo sa medikal na kawani na nauugnay sa trabaho ang iyong sakit na COVID-19. Kung magagawa mo ito nang ligtas, **makipag-ugnayan sa iyong tagapag-empleyo** para sa mga karagdagang tagubilin.

## Paano Maghain ng Iyong Paghahabol

- Sabihin sa iyong tagapag-empleyo na nais mong maghain ng paghahabol sa kabayaran sa mga manggagawa o kumpletuhin ang form ng paghahabol mula sa website ng Dibisyon ng Kabayaran sa mga Manggagawa.
- Pupunan ng iyong tagapag-empleyo ang kanilang mga bahagi at ipapadala sa kumpanya ng seguro.
- Tiyaking humiling ng kopya mula sa iyong tagapag-empleyo para sa iyong mga rekord.
- Sa loob ng isang araw mula sa paghain ng form ng paghahabol, dapat pahintulutan ng iyong tagapag-empleyo ang naaangkop na medikal na paggamot. Habang nagpapasya ang iyong tagapag-empleyo kung tatanggapin o tatanggihan ang iyong paghahabol, maaari kang makatanggap ng hanggang sa $10,000 para sa medikal na paggamot.

### Anong Mangyayari sa Susunod?

- Kung hindi ka makakatanggap ng liham tungkol sa katayuan ng iyong paghahabol sa loob ng 14 na araw, tawagan ang kumpanya ng seguro para sa isang update.
- Kung hindi tatanggihan ng iyong tagapag-empleyo ang iyong paghahabol sa loob ng 90 araw, ipapalagay na nasakop ang iyong pinsala.

### May mga katanungan ka pa ba?

Maaari kang makipag-ugnayan sa Dibisyon ng Kabayaran sa mga Manggagawa kung mayroon kang mga katanungan o tumawag sa **1-800-736-7401** para sa nakarekord na impormasyon.

Matuto nang higit pa sa: **dir.ca.gov/dwc/injuredworker.htm**

May tanong? Tawagan ang Advice Line ng Santa Clara County Office of Labor Standards Enforcement (OLSE) 866-870-7725, para sa Tagalog, pindutin ang 4.

SAFER AT WORK CALIFORNIA ALL saferatwork.ca.gov